

Pagbabakuna sa COVID-19

Prayoridad na pagpapa Bakuna para sa mga taong may “Kiso Shikkan” (kronikong sakit)

~Kailangan ng paunang aplikasyon ~


Magpapadala ang Toyonaka City ng mga kupon (mga voucher) para sa pagbabakuna sa COVID-19 ayon sa edad at iba pang mga kategorya, batay sa magagamit na supply ng bakuna. Gayunpaman, ayon sa pagkakasunud-sunod ng prayoridad, ang mga may kronikong sakit at nais na mabakunahan (mga wala pang 60 taong gulang) ay binibigyan ng prayoridad sa pagtanggap ng mga kupon. Upang matanggap ang mga kupon, kinakailangan ang paunang aplikasyon.

Panahon ng pag-apply

Mula Mayo 21 (Biyernes) hanggang Hunyo 8 (Martes), 2021

※Maaari pa ring mag-apply pagkatapos ng nakatakdang panahon na ito at padadalhan nalang ng mga “Coupon”(kupon) sa susunod na pagkakataon.

Paano mag-apply

Elektronikong (online na) aplikasyon	Postal Mail	FAX
<p>Mangyaring mag-apply mula sa electronic application system sa website ng Toyonaka City</p> <p>Para sa mga mobile phone, atbp. Paki scan/read ng QR Code</p>  <p><u>Mangyaring mag-apply ng elektronikong (online) hangga't maaari.</u></p>	<p>Ipadala ang application form (na nasa likod nito) sa pamamagitan ng Koreo(postal mail.)</p> <p>I-print out ang application form mula sa website ng Toyonaka-city.</p> <p>Makukuha mo ang application form sa mga pampublikong pasilidad sa lungsod.</p> <p>【Saan ipapadala】 FAX: 06-6152-7304</p> <p>Postal Mail: Vaccination Task Force, Toyonaka City Public Health Center Nakasakurazuka 4-11-1, Toyonaka City, 561-0881, Japan</p>	<p>I-fax ang application form (na nasa likod nito).</p>

Kapag natanggap mo ang iyong kupon para sa pagbabakuna

Matapos matanggap ang iyong aplikasyon, papadalhan ka namin ng coupon sa pamamagitan ng Koreo ang pagbabakuna sa kalagitnaan ng Hunyo. Kapag nakatanggap ka ng kupon, mangyaring komunsulta sa doktor na lagi mong pinupuntahan. Kung ang iyong pinupuntahang doktor ay hindi nag-bibigay ng bakuna, mangyaring kumuha ng direktang appointment sa isang institusyong medikal na malapit sa iyo, o tumawag sa Toyonaka Vaccine Dial (06 - 6151 - 2511) para sa reserbasyon o kumuha ng reserbasyon sa pamamagitan ng website para makasali sa (Shudan Sessyu)

Ang mga kronikong sakit na maaaring sakupin nito (batay sa impormasyon noong ika 21 ng Mayo , 2021)

(1). Mga taong may mga sumusunod na sakit o kundisyon na tumatanggap ng outpatient o inpatient na pangangalaga

1. Kronikong sakit sa baga
2. Kronikong sakit sa puso (kabilang ang hypertension)
3. Kronikong sakit sa bato
4. Kronikong sakit sa atay (liver cirrhosis, atbp.)
5. Diabetes na ginagamot gamit ang insulin o gamot, o diabetes na nauugnay sa ibang mga sakit
6. Sakit sa dugo (maliban sa iron deficiency anemia)
7. Mga sakit na pumipinsala sa paggana ng immune system (kabilang ang mga malignant tumors na ginagamot)
8. Tumatanggap ng paggamot na nagpapahina ng immune system, kabilang ang mga steroids
9. Neurological at neuromuscular na mga sakit na nauugnay sa abnormalidad ng immune system
10. Bawas na paggana ng katawan dulot ng neurological o neuromuscular na mga sakit (kabilang ang mga diperensiya sa paghinga)
11. Abnormalidad sa chromosome
12. Malubhang mental at pisikal na kapansanan (malubhang pisikal na kapansanan at malubhang intelektwal na kapansanan)
13. Sleep apnea syndrome
14. Malubhang sakit sa pag-iisip (na-ospital para sa pagpapagamot ng sakit sa pag-iisip, pagkakaroon ng sertipiko sa kapansanan sa pag-iisip o nahuhulog sa ilalim ng “malubha at tuloy-tuloy” na kategorya sa pagsuporta sa self-supporting medical care (psychiatric hospital care)) o kapansanan sa intelektwal (pagkakaroon ng sertipiko sa rehabilitasyon)
15. Mga napakataba na mga indibidwal na nakatugon sa pamantayan (BMI na 30 o higit pa)

【Para sa iba pang Impormasyon】
 Vaccination Task Force, Toyonaka
 City Public Health Center
 TEL : 06-6152-7410

NOTE:(Pakisulatan ang nasa ibaba ng Japanese o “Romaji” alpabeto.)

Application Form para sa COVID-19 vaccination
【Sa mga may Kronikong Sakit (na wala pang 60 taong gulang) 】

しんがたころなわくちんせつしゅけんそうふもうしこみしょ (きそしつかん ひと 60さいみまん)
新型コロナワクチン接種券送付申込書【基礎疾患のある人(60歳未満)】

Petsa ng Aplikasyon: ____Taon ____Buwan ____Araw

Para sa :

Mayor of Toyonaka City

Nais kong mag-apply ng isang kupon para sa COVID-19 vaccination tulad ng sumusunod.

1. Ang nais na mabakunahan

Ang address na nakasaad sainyong “Juminhyo” (Resident Certificate)	Postal Code 豊中市 (Toyonaka City)
Pangalan sa “Hiragana”	
Pangalan	Last Name: _____ First Name: _____ Middle Name: _____
Kailan Ipinanganak	_____ Taon ____ Buwan ____ Araw
Numero ng Telepono:	
Kronikong Sakit	Mangyaring piliin ang numero mula sa listahan ng mga kronikong kundisyong medikal sa unang pahina.

※Ipadala ang kupon sa nakarehistrong address (Nakasaad sa “Juminhyo”) ng nais na mabakunahan.

2. Aplikante:

1. Parehong tao ang nais na tumanggap ng Bakuna <input type="checkbox"/> (lagyan ng tsek ang box kung iisang tao at hindi na kailangang sulatan ang mga sumusunod.) Mangyaring isulat ang sumusunod na impormasyon kung ikaw ay naiiba sa 1. Ang nais mabakunahan.	
Tirahan / Address	〒 (_____)
Pangalan sa “Hiragana”	
Pangalan	
Numero ng Telepono	_____ - _____
Relasyon sa magpapa”Bakuna”	Kamag Anak: _____ (Relasyon) At Iba Pa:

市記入欄

受付日	月 日	受付方法	<input type="checkbox"/> WEB <input type="checkbox"/> FAX <input type="checkbox"/> 郵送 <input type="checkbox"/>	担当者	
本人確認	済 <input type="checkbox"/>	確認日	月 日	担当者	
発券依頼	済 <input type="checkbox"/>	依頼日	月 日	担当者	
発券確認	済 <input type="checkbox"/>	確認日	月 日	担当者	